Ang espiritual na kapanganakan sa pamamagitan ng pnanampalataya sa panginoong Jesukristo.

Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.
Juan 3:16

“Opo, Panginoon!” sagot niya.” Nananalig ako sa inyo. Kayo po ang Anak ng Diyos, ang Mesias na inaasahang paparito sa sanlibutan.”
Juan 11:27,

Isang pusong tapat sa aki’y likhain, Bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin.
Mga Awit 51:10

Magandang Balita Biblia

ACTION Philippines

MATI BAPTIST HOSPITAL
CHANGES
Child Care, Health Care, and Nutrition, Gardening, Pangkabuhayan, Sanitation
Alang sa Maayong Panglawas ug Kinabuhi

Mga Dapat Gawin Sa Sugat

Book 6









1. Galus **2. Nahiwa ang balat**



3. Natusok o natinik **4. Malalim na sugat sa loob**

Dalhin agad sa ospital

1. Kung malaki o malalim ang sugat.
2. Kung lumabas ang bituka, o nakikita na may sugat sa ilalim ng tiyan.
3. Kung ang sugat ay nasa loob ng dibdib. Lalo na kung ang hangin ay labas pasok sa sugat.
4. Nasaksak, napako o natusok.
5. Kung naimpeksyon ang sugat.

Ang paghahanda ng malinis na tela para sa mga sugat.

1. Sabunin at kusutin ng maigi.



2. Habaan ang pagputol ng tela. Ang lapad nito ay tulad ng haba ng hinlalaki. Plantsahin.



3. Gamitin itong pangtapal sa sugat.

Dapat gawin sa galus



1. Hugasang maigi ang mga kamay

2. Hugasan at sabuning maigi ang sugat ng 2 o 3 beses sa isang araw. Maari din magpakulo ng tubig na may dahon ng bayabas at gamitin panghugas sa sugat. (Huwag isama ang dahon sa sugat)

3. Takpan o balutin ang sugatng malinis na tela.

Dapat gawin sa nahiwang balat



Ang dapat gawin kung ang sugat ay patuloy sa pagdudugo, ay patigilin muna ito.

Dapat diinan ng malinis na tela ang sugat.

Patuloy na diinan sa loob ng 15 minuto hanggang tumigil ito.

Kung walang tela, gamitan ng kamay sa pagdiin.



Kung may tubig ay maghugas muna ng kamay.

Huwag maglagay ng kahit na ano ang sugat at nang hindi maimpeksyon.

Ang paraan ng paggamit ng plaster sa pagtakip sa Sugat.

(Ang plaster ay gamitin lang kung sariwa pa ang Sugat. Subalit kung mahigit 8 oras na ay 'di na pwede ang plaster.)



Hugasang maigi ang iyong mga kamay.



Hugasan maigi ng pinakulo at pinalamig na tubig. Tingnan maigi at ng matanggal lahat ng dumi sa loob ng sugat.

Anong dapat gawin sa tetanu

1. Kung ang sugat ay napako o natusok dalhin sa doktor.

2. Para maiwasan, magpabakuna sa tetanu toxoid ang mga nanay na buntis pagdating ng 5-6 na buwan. Ibigay ang bakuna kada buwan sa loob ng 3 buwan at kailangan makumpleto bago manganak.

3. Ibigay ang tamang pag-aalaga sa pusod ng bagong panganak na bata lalo na ang gamit sa paglinis nito. Kapag puputulin ang pusod gumamitng bagong blade o pinakuluang gamit.

4. Gawing tama at maayos ang paglinis sa sugat lalo na kung ito'y malalim. Hugasan maigi at sabunin para matanggal ang mga dumi.

5. Irekomenda sa doktor o kaya ay dalhin sa ospital kung may makitang mga palatandaan.

Mga tanda ng tetanu



1. Minsan may lagnat, minsa'y wala
2. Minsan kinukombulsyon at naninigas ang mga braso at mga binti.
3. Naninigas ang laman sa tiyan
4. Hindi mapakali
5. Nanging itim
6. Hindi nawawalan ng nararamdaman
7. Ang mga bagong panganak ay hindi maka "dede" dahil naninigas ang panga.

Ang tetanu ay umaatake sa bata o matanda man.



Kumuha ng plaster na kailangan, at tupiin sa gitna.



Dahan-dahang gupitin ang tinuping plaster at tiyakin na hindi maputol lahat.

Kung tama ang 'yong paggupit tulad nito. Ganito ang itsura ng plaster "butterfly".



Gamitin ang "butterfly" para tapalan ang nahiwang balat.



Kumuha ng malinis na tela at plantsahin para ipangtapal. (Hayaan ang plaster ng 5-7 araw.) Kung may impeksyon, tanggalin ang "butterfly." Dalhin sa Doktor.

Tanda ng impeksyon

1. Mabaho ang sugat

2. May nana. Mapula ang balat at namamaga.

3. Mula sa sugat may makikit ang mapulang guhit.

Mga sugat na daidlan ng tetanu



Ang pusod na pinutol ng hindi pinakuluang gamit at malaki ang naiwang laman.

Malalim na sugat sa dibdib



Kung ang sugat ay nasa loob ng dibdib, asikasuhin agad.

Malalaman kung malalim ang sugat kung may naririnig na hangin na labas pasok sa sugat.

Kung maraming hangin ang pumasok sa dibdib mahihirapan sa paghinga.



Tapalan maigi ng malinis na tela ang sugat at talian.

Huwag higpitan ang tali at ng hindi mahirapan sa paghinga. Dalhin agad sa ospital.

Napako o natusok

Kahit na maliit ang sugat ng napako o na tusok, ito'y delikaoo. Dahil ito ang dahilan ng tetanu. Lalo na kung malalim ang sugat.



Ang dapat gawin sa sugat na dahilan ng tetanu:

1. Shugasan at sabunin ng maayos.
2. Dalhin sa doktor at paineksyunan ayon sa tetanu.



Lagyan ang sugat ng malinis na tela na binabad sa mainit na tubig 4 na beses 1 araw.

Kung ang sugat ay nasa kamay o paa ibabad ito sa hindi masyadong mainit na tubig.

Tapalan ang sugat ng malinis na tela.



Itaas ang parteng may sugat.

Kung may plaster na "butterfly" alisin.



Tapalan ang sugat ng malinis na tela.
Dalhin sa doktor.

Ang dapat gawin sa nahiwang anit sa ulo.

Una, hugasan maigi ang mga kamay, sabunin at hugasan ang sugat. Tingnan maigi kung may naiwang dumi, bato, o ano pa man. Kung meron tanggalin ito.



Ahitin ang buhok sa gilid ng sugat.

Gumawa ng plaster "butterfly". Ipantapal sa nahiwang sugat sa anit.



Kumuha no malinis na tela. Plantsahing maigi ang tela at itapal sa sugat.

Malalim na sugat sa tiyan

Kung malapit sa doktor o ospital:

Tapalan agad ng malinis na tela kung lumabas ang bituka. Huwag ibalik ang bituka paloob. Huwag pakainin at painumin. Dalhin agad sa ospital.



Kung malayo sa doktor o ospital:
Tapalan agad ang sugat ng malinis na tela. Basa-in ang tela ng pinakuluang tubig.
Huwag ibalik ang bituka sa loob.

Huwag pakainln at painumin. Kung ang nasugatan ay nauuhaw basa-in lang ang labi.
Dalhin agad sa ospital.